Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 8 NG PEBRERO 2001 HUWEBES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ................................ | Pang. Punong Bayan Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo E. Ramirez | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ................................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 059-B-T'2001*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN TERESITA LAZARO NG HALAGANG ISANG MILYON TATLONG DAANG LIBONG PISO (P1,300,000.00) UPANG MAGSILBING KARAGDAGANG GUGULIN SA PAGTATAYO NG GUSALI PARA SA MGA "KATANDAAN" (SENIOR CITIZENS) NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, may lugar sa Barangay Callios na itinalaga ng pamahalaang bayan upang magsilbing sentro ng mga katandaan o Senior Citizens;

*SAPAGKA'T*, may itatayong gusali sa nabanggit na lugar para sa mga Senior Citizens;

*SAPAGKA'T*, kulang ang pondo kaya't nangangailangan ng karagdagang gugulin ang pamahalaang bayan upang magamit sa pagpapatayo ng gusali para sa mga Senior Citizens sa bayang ito.

*SAPAGKA'T* ang kapakanan ng mga katandaan ang binibigyang pagpapahalaga ng pamahalaang bayan;

*KUNG KAYA'T DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na humiling sa Kgg. Punong Lalawigan Teresita Lazaro ng halagang P1,300,000.00 upang magsilbing karagdagang gugulin sa pagtatayo ng gusali para sa mga "Katandaan" (Senior Citizens) ng bayang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Teresita Lazaro, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan